

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-8 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 01 MARSO 1999, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr. - Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Eduardo G. Villamin - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia - Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 021
Taong 1999

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHAT KAY KONSEHAL
EDUARDO K. SORIANO, MGA KAPATID AT MGA
KAANAK NITO SA PAGPANAW NG KANILANG INA,
GNG. CONSOLACION KUNANAN SORIANO.

SAPAGKA'T, sa kulturang Pilipino, ang pamilya ay simbolo ng pagkakaisa at pagdaramayan ng lahat ng bumubuo nito, sa kasaganaan man o sa kahirapan;

SAPAGKA'T, sa kaisipang ito, ang pagpanaw ng isang miyembro ng pamilya, lalo pa't ng isang magulang ay lubhang dinaramdam at ikinalulungkot ng mga kaanak nito;

SAPAGKA'T, ang ina ng kasamang Konsehal Eduardo K. Soriano sa kanyang katandaan ay humarap na sa Lumikha at bagama't ito ay lubos na ikinalulungkot, ang tanging nakapagbibigay-lugod ay ang mga alaalang naiwan ng isang mapagmahal, mapag-aruga at mapagkandiling ina;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayang ito at ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay kay Konsehal Eduardo K.

Soriano at sa kanyang mga kapatid at kaanak sa pagpanaw ng kanilang mahal na ina, Gng. Consolacion Kunanan Soriano.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Mae Arlene M. Talens na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay Konsehal Eduardo K. Soriano, mga kapatid at mga kaanak ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan ito sa pagpanaw ng kanilang ina, Gng. Consolacion Kunanan Soriano.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Konsehal Eduardo K. Soriano ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro at sa mga kaanak nito sa Looc, Romblon, lakip ang tauspusong pakikiramay.


Pinagtibay: 01 Marso 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:




EDUARDO G. VILLAMIN
Pangulo, Liga ng mga Barangay/
Pansamantalang Kalihim

PINATITIBAYAN:



GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:



JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan